Sunshine Coast Council | Our region. Healthy. Smart. Creative.

Welcome
Multicultural Welcome Hub

INFORMATION SHEET

# Pamamahala ng Basura

Nagbibigay ng serbisyo sa pagkolekta ng basura ang Konseho para sa lahat ng mga tahanan sa Sunshine Coast.

Ang bawat bahay ay may hindi kukulangin sa dalawang uri ng basurahan. Isang pangkalahatang basurahan na may alinman sa pula o berdeng takip at isang pang-recycle na basurahan na may dilaw na takip. Ang ilang tahanan ay mayroon ring panghardin na basurahan.

## Basurahan

Ang mga basurahan (pula o berdeng takip) ay para lamang sa pangkalahatang basura ng sambahayan, katulad ng basura na galing sa pagkain at mga plastik na supot.



Kinukuha ang laman ng basurahan na ito bawat linggo.

## Pang-recycle na basurahan

Ang mga pang-recycle na basurahan (mga dilaw na takip) ay para lamang sa mga bagay na marerecycle, katulad ng diyaryo, mga partikular na plastik, bakal at mga aluminum na lata.

Huwag ilagay ang mga diaper, pagkain o basag na kristal sa basurahang ito.

Kinukuha ang laman ng basurahan na ito bawat dalawang linggo.



## Panghardin na basurahan

Ang ilang tahanan ay mayroon ring mga panghardin na basurahan (mga takip na kayumanggi o berdeng limon) para sa mga lawn clipping, dahon at mga pinutol na dahon at sanga na mula sa hardin. Hindi mo mailalagay ang mga pangkalahatang basura o mga bagay na marerecycle sa panghardin na basurahan.

Queensland Government

## Mga araw sa pagkolekta ng nilalaman ng basurahan

Maaari mong malaman kung anong araw kokolektahin ang mga laman ng basurahan sa website ng konseho – mag-search ng waste at recycling (basura at pagrerecycle).

- Mangyaring ilagay ang iyong basurahan sa gilid ng bangketa bago mag-6 am sa araw ng pagkolekta ng iyong basura.
- Kailangang ganap na sarado ang takip ng basurahan.
- Ilagay ang iyong basurahan sa paraang ang mga gulong nito ay hindi nakaharap sa kalsada.
- Ibalik ang iyong basurahan sa iyong tahanan pagkatapos na makolekta ang basurang laman nito.
- Kung hindi ka sigurado kung ano ang dapat gawin, magtanong sa iyong mga kapitbahay.

## Paano ko itatapon ang mga malalaking bagay?

Ang mga bagay na HINDI MAGKAKASYA sa iyong mga basurahan sa basura at pang-recycle na basurahan ay dapat dalhin sa rubbish tip (pasilidad para sa basura). Mayroong walong rubbish tip sa kabuuan ng Sunshine Coast. May maliit na singil sa pagtapon para sa pagtatapon ng basura sa mga lugar ng basura ng konseho.

Maaari mong i-search ang mga lokasyon at singil sa website ng konseho.

## Mga pampublikong basurahan

Makakatulong rin ang mga pampublikong basurahan upang mapanatiling malinis ang ating mga parke at tabing-dagat.

Ang mga pampublikong basurahan ay may pangkalahatang basurahan at pang-recycle na basurahan.

## Multicultural Welcome Hub

Galugarin ang Multicultural Welcome Hub upang makahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng konseho.

Alamin kung saan ka makakakuha ng suporta, paano ka makakakilala ng ibang tao at galugarin ang iyong bagong komunidad. www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural

## Kailangan mo ba ng tulong sa wika?

Kung nahihirapan ka sa pagsasalita o pag-uunawa ng wikang Ingles, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS, Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret) sa 131 450 at humiling na ipasa sa Sunshine Coast Council sa 5475 7272

Interpreter

## Pagsasalin ng online na impormasyon

Maaari mong gamitin ang Google Chrome upang isalin ang mga webpage sa ibang wika. Sundin ang mga hakbang na ito upang i-activate ang kakanyahang ito:

- Sa iyong computer, buksan ang Chrome.
- Sa itaas na kanang bahagi, i-klik ang More Settings.
- Sa ibaba, i-klik ang Advanced.
- Sa ilalim ng “Languages”, i-klik ang Language.
- I-tsek o tanggalin ang tsek sa “Offer to translate pages that aren’t in language you read (Mag-alok na isalin ang mga pahina na hindi nakasulat sa wikang nababasa mo).”

Kasalukuyan hanggang nitong Agosto 2019

**Sunshine Coast Council**
**www.sunshinecoast.qld.gov.au**
mail@sunshinecoast.qld.gov.au
**T** 07 5475 7272 **F** 07 5475 7277
Locked Bag 72 Sunshine Coast Mail Centre Qld 4560